# Oikos Cell Groups

Bible Study Guides

# Topical Tagalog Series #25

Compiled by and for: ANOC Int'l

**Vision:**
Win souls and make disciples

**Goal:**
Every believer a leader

**Ladder of Success:**

**Win -** win souls to Christ, begins when one accepts Jesus as his/her personal Lord and Savior, being baptized in Jesus name receiving the Holy Ghost with the initial sign of speaking in tongues.

**Consolidate -** new believers and new church members are "plugged in" to the church through cell groups, and are encouraged to attend the Engkwentro (happens every quarter) after being baptized.

**Disciple** - after the consolidation process, the new disciple enters the Discipleship program and has to complete both DL (Discipleship Level 2-5) and LL (Leadership Level 1-5)

**Send -** after the disciple completes DL5 and LL5 *(plus completion to CLT-Cell Leaders' Training)*, he/she may open his/her own cell and begins the process of winning more souls and discpipling them.

*Note: Ang mga nilalaman ng booklet na ito ay halos lahat ay hinango mula sa website ni Pastor Arlan B. Laroya. Ang ANOC Int'l ay hindi inaangkin ang credits ng paggawa ng basahing ito, kundi hiram lang ang ideya mula sa may akda.*

# Ang 5W's: Mga Nilalaman Ng Cell Group

## WELCOME

*Ano ba ito at bakit ito ginagawa?*

- Ito ay hindi basta laro na pampuno lamang ng oras habang naghihintayan.
- Ito ay isinasagawa upang mapalagay tayo sa isa't isa.
- Layunin <u>nito na alisin ang atensiyon ng bawat miyembro sa kanilang sarili</u> at ilipat papasok sa cell.
- Ito ay nag-uugnay sa atin sa isa't isa, sa isang simple at 'di kalalimang kaparaanan bilang panimulang relasyon.
- Ito ay nag-aalis ng ating hiya para makihalubilo sa iba, lalo na sa mga baguhan.
- Ito ay mag-e-encourage sa atin na bahagyang magbukas ng ating saloobin sa isa't isa.
- Ito ay tumutulong upang maipadama sa isa't isa na siya ay tanggap ng grupo.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Laging magsisimula sa ice breaker ang bawat cell group meeting.

*Paano ito dapat gawin?*

- Laging maghanda ng ice breaker bago pumunta sa cell meeting.
- Laging isaalang-alang ang mga baguhan at mga bata sa ice breaker na gagawin. Sikaping makasali ang lahat sa ice breaker.
- Dapat ay naaangkop ito sa lugar at mga taong naroroon sa cell.
- Gawin ang lahat ng makakaya upang makuha ang atensyon ng lahat.
- Ipaliwanag ng maigi ang mechanics ng ice breaker. Dapat alam na alam ng sinumang mag-li-lead nito ang ice breaker na gagawin.
- Laging panatiliin ang kaayusan sa simula hanggang matapos ang ice breaker.
- Kung hahatiin ang cell sa mas maliit na grupo sikaping laging maging balanse sa tao.
- Kung mangangailangan ng papel, ballpen, lapis, gunting o anumang kagamitan na gagamitin, sikaping magdala o kaya ay kausapin ang maybahay bago magsimula ang cell group meeting.
- Makakatulong din kung pinapalakpakan ng bawat isa ang kanilang mga sarili matapos ang ice breaker.

***PAALA-ALA***

‘Wag nating isipin na ito ay pag-aaksaya lamang ng oras.

‘Wag tayong umasa na sa ice breaker pa lang ay makuha na natin ang gusto natin sa cell group meeting.

Maari mo ring gawing ice breakers ang mga laro na pangkaraniwan ng nilalaro o kaya ay iyong mga napapanood mo sa TV basta’t ire-revise mo lang para bumagay sa cell group meeting mo.

## WORSHIP

*Ano ba ito?*

- Pagkilala sa kabutihan ng Diyos.
- Pagkilala sa kakayahan ng Diyos.
- Pagluwalhati sa Diyos.
- Pagpapahayag ng damdamin sa Diyos
- Pagkilala sa kahalagahan ng Diyos.
- Pakikipag-ugnay sa Diyos.
- Pag-awit, pagsayaw, pagtaas ng kamay, pagpalakpak, pagsigaw, pag-proclaim at pagtugtog ng mga musical instrument para ipaabot sa Diyos ang ating kagalakan sa Kanyang presensiya.
- Pag-aalay ng sarili sa Diyos.
- Pagtugon sa pag-ibig ng Diyos.
- Pagtugon sa kabutihan ng Diyos, bilang Manlilikha at Tagapagligtas.
- Pagkilala sa Diyos bilang Hari at Panginoon.
- Pagtataas sa Diyos.
- Pagmamalaki dahil sa Diyos.
- Sandata rin sa pakikipagdigmaang ispiritual. 2Ch.20:20-28

*Bakit ba ito ginagawa?*

- Upang ihanda ang lahat sa pagtanggap ng Salita ng Diyos.
- Upang anyayahan ang presensiya ng Diyos.
- Upang panatilihin at lalong palakasin ang pagkakaisa sa pananampalataya sa Diyos.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Walang cell meeting kung walang worship.
- Tuwing matatapos ang welcome at bago mag-word.

*Paano ito dapat gawin?*

- Dapat magplano ang tagapanguna nito, gaya ng pagpaplano niya sa word.
- Planuhin kung anong tema ng pagsamba ang bibigyang tuon.
- Pumili ng mga awit na babagay sa tema na inihanda.
- Gamitin ang Salita ng Diyos para maging basehan ng pagsamba.
- Praktisin ang bawat letra, tono at tipa ng bawat kanta na pinili.
- Ayusin din ang pagkakasunud-sunod ng bawat awit.
- Planuhin kung ilang beses uulitin ang bawat awit.
- Planuhin din pati ang mga “selah” sa worship.
- Gumawa ng song sheets, chart o acetate upang makaawit ng maayos.

- Dapat tayong maging sensitibo sa pangunguna ng Banal na Espiritu.

- Laging asahan ang presensiya ng Diyos sa kabuuan ng pananambahan.

- I-encourage ang mga miyembro na gamitin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu sa pagsamba.

*Mga bagay na dapat iwasan.*

- Iwasan ang pagpili ng mga awit, sa mismong oras ng cell meeting.

- Iwasan din ang mga mahahabang paliwanag sa bawat awit.

- Iwasan din ang paghahalu-halo ng mga awit na magkakaiba ng tipa o taas ng tono, maliban na lang kung tiyak na tiyak kang madadala mo ang cell sa pag-awit.

- Iwasan ding pumili ng mga awit na hindi ka pamilyar o hindi mo alam.

- Iwasan din ang pagkakabit-kabit ng mga awit na magkakaiba ang tempo.

## WORD

*Ano ito?*

- Pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pagpapalakasan sa isa't isa na mula sa Salita ng Diyos.

*Bakit ito ginagawa?*

- Upang ihanda ang lahat sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos.
- Upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na maranasan ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos, sa isang buhay at makabuluhang paraan.
- Upang makita ng bawat isa na, ang Salita ng Diyos ay ang siyang basehan ng ating ministeryo.
- Upang ma-encourage ang bawat isa na magtiwala sa Salita ng Diyos.
- Upang mangusap ang Panginoon sa bawat isa.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Kung mahalaga ang welcome at worship, walang duda na mahalaga din ang Salita ng Diyos sa cell, kung hindi man ito ang pinakamahalaga.
- Pagkatapos ng worship bago ang works.

*Paano ito dapat gawin?*

- Bilang leader dapat napag-aralan at nauunawaan mong maigi ang aralin bago pumunta sa cell.

- Kung may panahon ka pa, praktisin ang pagtatanong. Nasa maayos at malinaw na pagtatanong nagmumula ang magaganda at makabuluhang talakayan.

- Kung makakaya mong isalin sa sarili mong pananalita ang mga inihandang tanong, higit itong mabuti.

- Bigyan ang lahat ng pagkakataong magsalita para makita nilang sila ay kabahagi ng gawain.

- Kung sa unang pagtatanong ay walang sumagot, 'wag mataranta, isaayos ang tanong at ulitin hanggang makuha.

- Maaari din namang gumawa ka ng mga situasyon na magbibigay linaw sa nais mong abutin.

- Kung sa ganito ay wala pa ring magsalita, maaari mo ring tawagin ang kanilang atensiyon sa pamamagitan ng pagtawagng kanilang pangalan.

- Dapat ay magpakita ka ng interes na makinig sa mga taong sumasagot sa itinanong mo.

- 'Wag na 'wag mong lalaitin ang sinuman sa kanyang sagot kahit ito ay mali.

- Kung sakali mang mayroon doon na parang naghahamon ng debate, mahinahon na pakiusapan na hindi ito ang lugar at panahon para pag-usapan ang mga bagay na nais niyang pag-usapan. Kung maaari ay pag-usapan na lang sa ibang panahon.
- Kung mayroong tao na gusto na siya palagi ang magsasalita, gumawa ng paraan upang mabigyan ng pagkakataon ang iba.

- Patuloy pa ring maging sensitibo sa pangunguna ng Banal na Espiritu, para sa kaalaman at direksyon ng pag-uusap.

- Maging sensitibo rin sa mga galaw ng bawat isa, upang makatugon kaagad sa kanilang mga panganga-ilangan.

- Magbigay ng panahon sa pag-se-share hindi lang sa mga sagot sa tanong.

- Magdala ng Biblia. Sa ganito hindi magiging mahirap pagdalhin ng Biblia ang mga miyembro. (Okay lang kung ang mga bisita ay walang dala-dalang Biblia.)

- Bigyang pansin din ang lugar, ilaw, upuan, at iba pang maaaring makatulong o makasira sa kaayusan ng gawain.

- I-encourage ang mga kabahagi na ‘wag umupo sa likuran ng isang tao, dapat nakapabilog.

- Mahalaga na sa panahon na ito ay mabuksan ang Biblia at mabasa ng malakas ang mensahe sa oras na iyon. (Puwedeng paikot, sagutan, sabay-sabay at maari din namang isang tao lang ang babasa.)

- Magtapos sa pag-mi-ministeryo sa bawat isa.

## WORKS

*Ano ba ito?*

- Dito ipinaaabot sa mga kabahagi ang kahalagahan ng **EVANGELISM** at **PRAYER WALK** sa paglago ng cell group.
- Dito sinasabi kung ano ang mga plano ng cell group.
- Ito rin ang panahon na ang mga miyembro ay binibigyan ng kani-kaniyang gawain para sa linggong darating.
- Ito rin ang panahon para ipaalam kung kaninong bahay gagawin ang susunod na cell meeting.

*Bakit ba ito ginagawa?*

- Upang ang bawat isa sa cell group ay magkaroon ng awareness sa kahalagahan ng pagsasabuhay ng kanyang natutunan sa loob ng cell meeting.
- Upang makita ng bawat isa ang kanilang responsibilidad na mag-imbita ng kanilang mga mahal sa buhay at kaibigan.
- Upang ilipat naman sa labas ng cell ang atensyon ng bawat isa tungo sa mga tao sa sanlibutan.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Maaari itong gawin pagkatapos ng word time habang kumakain o bago kumain.

*Paano ito dapat gawin?*

- Turuan ang bawat isang kabahagi kung paanong mag-evangelize.

- Bigyan ng gawain ang bawat kabahagi ng cell.

- Ipaalam sa kanila ang layunin ng cell.

## WOW

*Ano ba ito?*

- Ito ang panahon na ang mga umatend sa cell ay magsasalu-salo sa pagkaing inihanda.
- Maaari ring gamitin ito sa panahon ng pag-se-share (“pakikipag-chikahan”).
- Dito din nagaganap ang Discipleship Class (one on one) habang kumakain.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Pagkatapos o kasabay ng works time.

*Paano ito dapat gawin?*

- Maghanda nang ‘di naman kamahalang mga pagkain, malibang may mga okasyon.
- ‘Wag pipiliting maghanda kung talagang hindi kaya.
- Mas maganda kung mag-ambagan ang mga miyembro kung walang aako ng responsibilidad.
- Mula sa pinaka simpleng “cornic” hanggang sa pinaka magarbong putahe ang maaring ihanda.
- Makakatulong ng malaki sa pag-develop magandang relasyon ang alukin at pagsisilbihan ng cell leader at ng miyembro ang mga bisita bago sila magsikain.

- Mabuti ring kumaing kaharap at kausap ang mga bisita kaysa sila-sila at tayu-tayo ang magkaka-usap. Maging pagkakataon din ito upang i-introduce sa mga bisita ang programa ng Oikos (Discipleship and Leadership Levels).

- Makakatulong din kung papasalamatan ang mga naghanda at nagluto ng pagkain.

- Magpakita ng kapinuhan sa pagkain lalo na't tayo ang dayo sa lugar.

- Wag sayangin ang pagkakataon sa walang makabuluhang diskusyon bagkos ito'y ilalaan para sa Discipleship Level (ono on one) para sa mga kasaping hindi pa nakakatapos ng kanilang DL.

*Mga dapat tandaan sa mga kainan.*

- 'Wag kukuha ng sobrang daming pagkain na nag-uumapaw ang pingan at parang natatakawan.

- 'Wag makikipag-agawan.

- 'Wag magsasalita nang punung-puno ang bibig.

- 'Wag na 'wag magkukuwento ng mga nakakadiri habang kumakain.

- 'Wag na 'wag magsisimula ng mga usaping makapagdudulot ng debate.

- 'Wag din namang masyadong pakipot.

# WEEK 1: SI JESUS ANG TUBIG NG BUHAY

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang JOHN 4:7-15**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral ang nais ng Diyos pagdating sa pagsamba at sa gayon ay magawa natin ang nais Niya.

SAGUTIN:
1. Nasaan ang Panginoong Jesus?

2. Sino ang dumating at ano ang pakay niya?

3. Sino ang naunang nagsalita? Ano ang sinagot ng babae sa Kanya?

4. Paano kinuha ng Panginoon ang atensyon ng babae? Ano naman ang sinagot ng babae?

5. Paano sinabi ng babae ang kahalagahan ng balon sa kanila?

6. Ano ang sinabi ng Panginoon para ipakita ang kahalagahan ng tubig na Kanyang ibibigay?

TALAKAYIN:
1. Sa tingin mo ba nakita ng babae ang kahalagahan ng tubig na gustong ibigay ng Panginoon? Bakit?

2. Sa pagkaunawa mo ano ang gustong ipaabot ng Panginoon sa babae kaya Niya sinabi ito? Sa palagay mo ba available pa rin ang tubig na ito ngayon? Bakit?

3. Nakainom ka na ba ng tubig na ito? Ano ang masasabi mo, ayon sa iyong karanasan, tama ba ang Panginoon? Bakit?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 2: PAGLINGKURAN ANG DIYOS NG MAY KAGALAKAN

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang PSALM 100:1-5**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral na ang paglilingkod sa Diyos ay laging dapat may kagalakan dahil ito ay isa sa pinakamasayang bahagi ng buhay sa Panginoon.

SAGUTIN:

1. Anong uri ng buhay ayon sa ating binasa ang dapat meron ang mga lingkod ng Diyos?

2. Sino ba ang ating pinaglilingkurang Diyos?

3. Saang bahagi ng gawain dapat nadarama na ang kagalakan?

4. Ano ang dahilan bakit lagi dapat tayong magalak sa paglilingkod sa Diyos?

TALAKAYIN:

1. Para sa iyo, sino ang lingkod ng Diyos? Tama bang sabihin na ang lahat ng mananampalataya ay lingkod ng Diyos? Bakit?

2. Lahat ba ng mananampalataya ay naglilingkod sa Diyos? Bakit?

3. Katanggap-tanggap ba sa Diyos ang paglilingkod na malungkot? Bakit?

4. Anu-ano (kung meron man) ang magandang idudulot ng paglilingkod sa Diyos na may kagalakan?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 3: ANG PAG-IBIG NG DIYOS

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang JONAH 4:1-11**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral kung gaano kalaki ang pag-ibig ng Diyos.

SAGUTIN:

1. Ano ang kalagayan ni Jonah?

2. Ano ang kanyang reklamo sa Diyos?

3. Ano ang kanyang hiniling sa Diyos? Ilang beses niya itong hiniling?

4. Ano ang tanong sa kanya ng Diyos?

5. Ano ang ipinahayag ng Diyos tungkol sa kalagayan ng mga taga-Nineveh?

TALAKAYIN:

1. Ano ang masasabi mo sa pag-ibig ng Diyos sa mga taga-Nineveh?

2. Sa tingin mo sino 'yong mga taong 'wag sanang mahalin ng Diyos kung pwede lang? Bakit?

3. Madali bang unawain ang pag-ibig ng Diyos? Bakit?

4. Masasabi mo ba mahal ka ng Diyos? Sa tingin mo ano ang katangian mo bakit mahal ka ng Diyos? Kaibig-ibig ka ba?

5. Ano ngayon ang dapat mong tugon sa pag-ibig ng Diyos sa iyo?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 4: WALANG MAKAPAGHIHIWALAY SA ATIN SA PAG-IBIG NG DIYOS

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang ROMANS 8:35-39**
LAYUNIN: Upang makita at matamasa natin ang pag-ibig ng Diyos sa bawat isa sa atin at upang lalo pa natin Siyang mapaglingkuran ng walang inaalala sa ating kinbukasan.

SAGUTIN:

1. Ano ang tanong ni Pablo sa kanyang mga sinulatan sa bahaging ito?

2. Anu-ano ang kanyang binigay na pwedeng idahilan para maihiwalay tayo sa pag-ibig ng Diyos?

3. Ano ang kalagayan nila Pablo sa araw-araw dahil sa kanilang paglilingkod sa Diyos?

4. Anong katotohanan ang nagkumbinsi kay Pablo para patuloy na maglingkod sa Diyos?

5. Nakanino ang pag-ibig ng Diyos?

TALAKAYIN:

1. Bagaman ang pag-ibig ang isa sa mga katangian ng Diyos ang unang nababanggit, masasabi kong hindi pa rin natin lubos na nauunawaan ang buong kahulugan nito?

2. Para sa iyo ano ang pag-ibig ng Diyos?

3. Ano naman ang pagkaunawa mo sa "…hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos."

4. Ano ang ipinapakitang katangian ng pag-ibig ng Diyos dito?

5. Nakikita mo ba na secure ka sa pag-ibig ng Diyos? Gaano ito ka-secure? Magbigay ng halimbawa? Nakikita mo ba na?

**<u>WORKS TIME:</u>** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**<u>WOW TIME:</u>** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 5: ANG DAKILANG PAG-IBIG NG DIYOS

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang JOHN 3:15-16**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral ang lawak, at lalim ng pag-ibig ng Diyos. At kung paano natin ito mapapakinabangan.

SAGUTIN:

1. Ano ang ginawa ng Diyos ayon dito? Bakit Niya ito nagawa?

2. Anong klaseng pag-ibig ang binigay Niya?

3. Bakit Niya ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak?

4. Paano tayo magkakaroon ng buhay na walang hanggan?

TALAKAYIN:

1. Nagawa mo na bang manampalataya sa Anak ng Diyos, para makamtan mo ang buhay na walang hanggan? Paano ito nangyari?

2. Ano ang naging resulta at kaibahan nito sa buhay mo?

3. Bakit sa tingin mo kailangang malaman natin ang laki ng pag-ibig sa atin ng Diyos?

4. Ano ang madalas mong kwento para maunawaan ng mga tao ang kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 6: ANG DAKILANG ATAS

**<u>WELCOME TIME:</u>** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**<u>WORSHIP TIME:</u>** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**<u>WORD TIME:</u>** (40 mins)- **Basahin ang JOHN 3:15-16**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral na una sa lahat tayo ay dapat gumawa ng mga tagasunod ng Panginoon sa pamamagitan ng paghayo at pagpapahayag ang mabuting balita.

SAGUTIN:

1. Ano ang kapangyarihang taglay ng Panginoon? Ano ang iniutos Niya sa Kanyang mga alagad?

2. Anu-ano ang kanilang dapat gawin para matupad nila ang utos ng Panginoon?

3. Ano ang pangako ng Panginoon sa kanila?

TALAKAYIN:

1. Sa tingin mo ba, sumunod ang mga alagad sa utos na ito?

2. Sa tingin mo ba, ang mga Cristiano sa ating panahon matapat na sumusunod sa utos na ito ng Panginoon? Bakit?

3. Ano ang masasabi mo rito: KAHIT ANG ISANG CRISTIANO AY MARAMING GINAGAWA SA CHURCH, HANGGAT HINDI SIYA NAKAPAGDADALA NG KALULUWA SA PANGINOON,

HINDI PA RIN SIYA NAKAKASUNOD SA UTOS NG PANGINOON. Tama o mali? Bakit?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 7: ANG KAHILINGAN NI SOLOMON

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang 1KINGS 3:3-15**
LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Diyos ay tumutugon sa ating mga panalangin hindi lamang dahil sinabi natin ang mga ito kundi dahil alam Niya ang ating mga kailangan..

SAGUTIN:

1. Ano ang relasyon ni Solomon sa Diyos?

2. Nasaan siya at bakit siya naroon?

3. Ano ang nangyari sa kanya habang naroon siya?

4. Ano ang itinanong sa kanya ni Yahweh?

5. Ano ang sagot niya at bakit iyon ang kanyang hiningi?

6. Ano ang binigay ni Yahweh at bakit iyon ibinigay sa kanya?

TALAKAYIN:

1. Ano ang gagawin mo o hihilingin mo sakaling bibigyan ka ni Henry Sy ng isang blank cheque o bibigyan ka niya ng isang kahilingan?

2. Madali bang humiling ng isang bagay na sa tingin mo ay talagang kailangan mo? Lalo pa kung ito ay “1 chance” lang? Bakit?

3. Anong aral ang nakikita mo sa kahilingan ni Solomon kay Yahweh?

4. Ano namang aral ang nakikita mo sa tugon ni Yahweh sa kahilingan ni Solomon?

5. Bakit sa palagay mo hindi na ibinibigay ni Yahweh ang kayamanan ‘pag humihingi tayo ng katalinuhan?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 8: ANG KAHALAGAHAN NANG PAGLILINGKOD

**<u>WELCOME TIME:</u>** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**<u>WORSHIP TIME:</u>** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**<u>WORD TIME:</u>** (40 mins)- **Basahin ang MATTHEW 20:20-23**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral na ang unang dahilan ng ating paglapit sa Panginoong Jesus kasunod nang kaligtasan ay ang Siya ay mapaglingkuran. Kung anuman ang iba pa nating agenda ay hindi na Niya pagbibigyan.

SAGUTIN:

1. Sino ang lumapit sa Panginoong Jesus? Ano ang kanyang kahilingan?

2. Ano ang tugon ng Panginoong Jesus sa kanyang kahilingan?

3. Ano naman ang tugon nila?

4. Ano ang tugon ng Panginoong Jesus sa mismong kahilingan nila?

TALAKAYIN:

1. Makikita natin dito ang isang katangian ng isang ina–ang maghangad ng magandang kalagayan o pwesto para sa kanyang mga anak.

2. Masasabi mo ba na ang kahilingan ng ina nila James at John ay tamang kahilingan ayon sa programa ng Panginoong Jesus? Bakit?

3. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng, “Maiinuman ba ninyo ang kopa na malapit ko ng inuman?”

4. Bakit kahit sinabi nilang kaya nilang inuman ang kopa na malapit nang inuman ng Panginoon Jesus ay hindi pa rin ito ibinigay sa kanila?

5. Sa palagay mo ano ang isang pwedeng basehan ng Diyos para ibigay sa isang tao ang pwestong hiningi ng ina nila James at John? Bakit?

6. Meron ka ba niyon? Bakit mo nasabi?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 9: ANG KAHALAGAHAN NG PANALANGING WALANG PATID

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang 1THES. 5:16-18**
LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pananalangin sa lahat ng panahon.

SAGUTIN:

1. Si Pablo ay nasa kulungan noong isinulat n'ya ang liham na ito.

2. Ano ang mga iniuutos n'ya na dapat nating gawin?

3. Ano ang ibig sabihin ng mga sumusunod?
   Rejoice
   Without ceasing
   Give thanks

TALAKAYIN:

1. Anong karanasan mo sa buhay ang masasabi mong maaaring ikumpara sa karanasan ni Pablo? (Nakakulong siya at pinapahirapan dahil sa kanyang pananampalataya)

2. Sa ganong kalagayan, madali bang sabihin o gawin ang mga bagay na sinabi niya at pinagagawa? Bakit?

3. Para s'yo ano sa tatlo ang pinakamadaling o madalas mong gawin 'pag nahihirapan ka? Bakit?

**<u>WORKS TIME:</u>** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**<u>WOW TIME:</u>** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 10: KANINO KA BA NAGLILINGKOD?

**<u>WELCOME TIME:</u>** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**<u>WORSHIP TIME:</u>** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**<u>WORD TIME:</u>** (40 mins)- **Basahin ang JOHN 12:20-26**
LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paglilingkod sa Diyos.

SAGUTIN:

1. Ano ang okasyon noong mga panahon na iyon? Sino ang gustong lumapit kay Jesus?

2. Sino ang nagdala sa kanila kay Jesus?

3. Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila?

4. Tungkol saan ang sinabi sa kanila ni Jesus?

5. Ano ang kailangang mangyari sa isang binhi bago ito magbigay ng mga bunga?

6. Paano daw natin mapapanatili ang buhay natin sa atin?

7. Ano ang inaasahan para sa isang lingkod?

TALAKAYIN:

1. Naniniwala ka ba na ang bawat isa sa atin ay may iba't ibang dahilan kaya s'ya nabubuhay? Bakit?

2. Naniniwaqla ka ba sa pananaw ng ilan na makikita, maririnig at mararamdaman mo sa isang tao kung ano ang kanyang pinahahalagahan sa buhay? Bakit?

3. Paano mo masaasabi kung ang isang tao ay naglilingkod sa Diyos o lingkod na ng Diyos?

4. Kung may isang taong lalapit sa iyo at magsasabing gusto niyang maglingkod sa Diyos, ano ang isang bagay na sasabihin mo sa kanya? Bakit?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 11: ANG PAGTAWAG AT ANG PAGTUGON NI ELISEO

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang 1KINGS 19:19-21**
LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Diyos ay patuloy pa ring tumatawag ng mga taong gusto Niyang maglingkod sa Kanya.

SAGUTIN:

1. Ano ang ginawa ni Elias? Sino ang pinuntahan niya?

2. Ano ang ginagawa ni Eliseo nang makita siya ni Elias?

3. Paano ipinakita ni Elias na tinatawag ng Diyos si Eliseo?

4. Ano ang ginawa ni Eliseo bilang tugon? Ano ang kanyang sinabi kay Elias?

5. Ano naman ang tugon ni Elias sa sinabi ni Eliseo?

6. Ano ang ginawa ni Eliseo pagkatapos niyon?

TALAKAYIN:

1. Magbigay ng iba't-ibang paraan ng pagtawag o pagkuha ng atensyon?

2. Ikaw, paano nakukuha ang atensyon mo ng mga tumatawag sa iyo?

3. Ano ang nakita mo sa paraan ng pagtawag kay Eliseo, sa binasa natin?

4. Ano naman ang nakita mo sa paraan ng pagtugon niya?

5. Naniniwala ka ba na magpahanggang sa ngayon ay patuloy pa ring tumatawag ng tagapaglingkod ang Diyos? Bakit?

6. Naniniwala ka ba na ikaw ay tinatawag din ng Diyos na maglingkod sa Kanya? Bakit? Kung, "Oo" tumugon ka na ba? Bakit? Kung "Hindi pa"?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 12: KASIGURUHAN NG TUGON NG DIYOS

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang 1JOHN 5:13-15**
LAYUNIN: Upang malaman ng mga mag-aaral na ang taong tunay na may buhay na walang hanggan ay hindi dapat mag-alangan sa paglapit sa Diyos para sa kanyang mga pangangailangan.

SAGUTIN:

1. Ano dahilan ni John bakit niya sinulatan 'yong mga nananampalataya sa Anak ng Diyos?

2. Ano ang kailangan nilang malaman? Ano ang buhay na walang hanggan?

3. Ano ang dahilan bakit dapat tayong magkaroon ng lakas ng loob na lumapit sa Kanya?

4. Anong kahilingan natin ang sigurado tayong sasagutin ng Diyos?

TALAKAYIN:

1. Mayroon ka na bang buhay na walang hanggan? Paano mo ito nakamit?

2. Totoo ba sa buhay mo ang mga sinabi dito? Nararanasan mo ba ang pagtugon ng Diyos sa mga panalangin mo?

3. Masasabi mo pa rin ba na totoo ito kahit minsan ay may mga panahon na hindi nasasagot ang mga panalangin mo? Bakit?

4. Ano ang pagkaunawa mo sa panalangin ayon sa kalooban ng Diyos?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa’t isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.

# WEEK 13: ANG MGA MAPAPALA SA PAGLILINGKOD KAY YAHWEH

**WELCOME TIME:** (15 min)- Mag-umpisa sa mga di kalalimang mga tanong sa ***"Start-up"*** o di kaya ay magdownload ng application "Question Box" sa PlayStore o Apps Store para sa karagdagang mga tanong.

***Startup:*** Gamitin ang mga tanong mula sa **"Question Box".**

**WORSHIP TIME:** (10 min)- Patotoo at mga pag-aawitan o paghahandog ng awit.

**WORD TIME:** (40 mins)- **Basahin ang PSALM 103**
LAYUNIN: Upang makita ng mga mag-aaral ang magandang idudulot ng paglilingkod kay Yahweh.

SAGUTIN:
1. Ano ang sabi ni haring David sa kanyang sarili?

2. Anu-ano ang mga nakapaloob sa pagpupuri sa Diyos? (Anu-ano ang mga bagay na 'wag daw nating kalilimutan?

3. Gaano tayo pinatawad ng Diyos?

TALAKAYIN:
1. Mababasa natin sa mga talata ang mga ginawa ni Yahweh sa bawat taong kumilala sa kanya. Masasabi mo ba na sapat na itong dahilan para paglingkuran natin Siya? Bakit?

2. Mababasa rin natin dito na ipinapahayag ang limitasyon ng buhay, sa palagay mo gaano kahalagang malaman natin ito bilang mga Cristiano?

**WORKS TIME:** (15 mins)- Magdalanginan sa isa't isa, magplano para sa pag-ebanghelyo at pagpaplano para sa susunod na pagtitipon.

**WOW TIME:** (30 mins)- Panahon ng Kainan at panahon para sa pag-aaral ng One on One Discipleship Levels.